

Isang Gabay sa Mapagkukunan ng Impormasyon

Tulong sa panahon ng Pandemyang Coronavirus

MAKIKITA SA GABAY NA ITO ANG:

- ◆ Proteksyon para sa mga nangungupahan
- ◆ Mga magpakukunan ng impormasyong pinansyal at pagkawala ng trabaho
- ◆ Impormasyon para sa mga imigrante at mga taong hindi dokumentado
- ◆ Tulong sa pagkain
- ◆ Mga mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa pangangalaga sa kalusugan

Para sa iba pang lengguwahe:

Este folleto está disponible en español en nuestro sitio web: www.unioncity.org/coronavirus bajo el enlace "Resources".

Ang polyetong ito ay mababasa sa Tagalog sa aming website: www.unioncity.org/coronavirus sa ilalim ng tab na "Mga Mapagkukunan ng Impormasyon."

请前往我们的网站www.unioncity.org/coronavirus 在“资源”选项卡下获取本手册的中文版。

Mga Proteksyon para sa mga Residensiyal at Komersyal na Nangungupahan

Noong ika-24 ng Marso, ang Konseho ng Lungsod ng Siyudad ng Union ay bumoto sa pansamantalang pagsuspende ng mga pagpapaalis para sa mga kwalipikadong mga residensiyal at komersyal na nangungupahan sa Siyudad ng Union. Ang moratoryong ito ng renta para sa isang nangungupahan na nakatugon sa mga kinakailangan ng ordinansa ay epektibo hanggang Mayo 31, 2020, ang pagtatapos ng lokal na emerhensya o ng proklamasyon ng Gobernador, alinman ang huling maganap.

Ang Ordinansa ay nagbabawal ng pagpapaalis para sa mga residensiyal at komersyal na nangungupahan na magpapakita ng:

1. Walang kakayahan na magbayad ng renta dahil sa pagtaas ng malaking pagbaba sa kita ng sambahayan o negosyo o malaking labas sa bulsang gastos sa medikal; at
2. Pagbaba ng kita, o malaking labas sa bulsang mga gastos sa medikal na sanhi ng pandemyang COVID-19, o anumang tugon ng lokal, estado o pederal na gobyerno sa COVID-19 at dokumentadong naisulat.

Mga kabilang na kwalipikadong epekto sa residensiyal na nangungupahan na kaugnay sa COVID-19:

- Sakit na COVID-19 o pag-aalaga sa sambahayan o miyembro ng pamilya na mayroong sakit na COVID-19 illness
- Mga pagsasara ng trabaho, pagkatanggal sa trabaho, pagkawala ng trabaho, pagbawas sa bilang ng bayad na oras o iba pang epekto sa employer.
- Hindi pagpasok dahil sa pagsara ng paaralan ng isang menorde edad na bata, pagsunod sa mga utos ng awtoridad ng pangkalusugan ng gobyern o iba pang mga katulad na dahilan.

Mga kabilang na kwalipikadong epekto sa komersyal na nangungupahan na kaugnay sa COVID-19:

- Pagsasara ng mga trabaho
- Pagbabawas ng mga empleyado na pumapasok
- Pagbabawas ng oras na bukas
- Pagbabawas ng pangangailangan ng mamimili
- Pagsunod sa mga utos ng awtoridad ng pangkalusugan ng gobyerno
- Iba pang mga katulad na dahilan na nagresulta sa paglugi sa negosyo.

Kung ikaw ay hindi makakapagbayad ng renta dahil sa COVID-19, huwag kalimutan na:

- Isulat at ipaalam sa iyong kasero ng maaga hangga't maaari. Sabihan ang iyong kasero sa loob ng 10 araw pagkatapos ng oras ng pagbabayad ng renta.
- Itago ang mga kopya ng lahat ng ipinapadala at mga tugon ng iyong kasero.
- Magbigay ng dokumentasyon sa kanila kasero upang suportahan ang salaysay ng pagkawala ng kita kabilang ang mga paystub, mga sulat galing sa iyong amo/boss, mga bank statement, mga paunawa na ang paaralan ng iyong anak ay sarado, o mga sulat ng doctor na nagpapahayag na kinakailangan mong manatili sa bahay upang alagaan ang iyong sarili o ang ibang tao.



Babayaran mo pa rin ang renta. Mayroon kang 90 na araw mula sa pagtatapos ng iyong moratoryo upang magbayad ng mga nakalipas na dapat bayaran na renta.

Mga Pansamantalang Subsidiya sa Renta sa pamamagitan ng Stay Housed Program

Ano ang Stay Housed Program?

Ang Siyudad ng Fremont Stay Housed Program ay dinisenyo upang tulingan ang mga indibidwal/mga pamilya sa pagsisiguro o panananiliting may bahay gamit ang mga sumusunod na pamamaraan: isang pansamantalang subsidiya sa renta para sa mga nangungupahan, at pagpapatala sa SparkPoint Program ng Siyudad. Ang layunin ng programa ay tulingan ang mga pamilya na iwasan ang pagpapalayas at pigilan ang pagkawala ng bahay dahil sa pinansyal na krisis, kabilang na rin ang pagtulong sa mga pamilya na panatilihin ang kanilang bahay na pangmatagalan habang sila ay lumilipat galing sa pinansyal na hindi matatag patungo sa kasapatan sa sarili.

Paano gumagana ang subsidiya?

Binabayaran ng Siyudad ang bahagi ng renta ng direkta sa kasero kada buwan. Simula 0–12 na buwan, ang nangungupahan ay magbabayad ng 30% ng kanilang kita para sa renta. Simula 13–24 na buwan, ang nangungupahan ay magbabayad ng 40% ng kanilang kita para sa renta.*Kung ang nangungupahan ay walang mapagkukunan ng kita, ang kanilang kontribusyon sa renta ay \$50.

*Ang pinakamataas na kontribusyon sa renta ng programa ay maaaring maibigay ay ang kaibhan sa pagitan ng Fair Market Rent (FMR) at 30% ng na-adjust na kita ng pamilya. Kung ang renta na nakontrata ay hihigit sa FMR, ang nangugupahan ay dapat na pumayag na bayaran ang kulang, ng dagdag sa kanilang kontribusyon. Ang security deposit assistance ay maaaring katumbas ng hanggang sa dalawang buwang renta.

Gaano katagal ang pansamantalang subsidiya sa renta?

Ang mga nangungupahan ay maaaring makakuha ng subsidiya sa renta ng hanggang 24 na buwan, depende sa pagiging karapat-dapat.

Sino ang kwalipikado?

Mga residente ng Fremont, Newark, Siyudad ng Union, o Hayward, na mayroong:

- ♦ krisis sa pabahay at kita na o mas mababa sa 60% ng laki ng median income
- ♦ potensyal na kita na hahayaan silang makapagbayad ng buong renta sa maigsing panahon
- ♦ pagpayag na makipagtrabaho kasama ang SparkPoint financial coach

Sino ang aking pupuntahan para sa karagdagang impormasyon?

Tawagan si Carolyn Robertson, SparkPoint Program Coordinator, sa [510.574.2003](tel:510.574.2003).

Mga Tulong Ligal para sa mga Nangungupahan

Bay Area Legal Aid

Numero ng mga Karapatan ng mga Nangungupahan
1(888)-382-3405
www.baylegal.org

Centro Legal de la Raza

www.centrolegal.org
(510)-437-1554

East Bay Community Law Center

www.ebclc.org
(510) 548-4040

ECHO Housing

www.echofairhousing.org
(510)-581-9380

Eviction Defense Center

evictiondefensecenteroakland.org
(510)-452-4541

Tulong Ligal para sa mga kasero/may-ari ng propyedad

Housing and Economic Rights Advocates (HERA)

www.heraca.org
(510)-271-8443

Suporta para sa mga Nangungupahan na Hindi Pang-Ligal

Causa Justa - Just Cause

Tenant Hotline:

(510) 836-2687

(pangkalahatang abiso sa Ingles at Español)

(510) 763-5877

(pangunahing numero/pag-

Tirahang Pang-Emerhensya

- Ang mga pamilya na nangangailangan ng matitirhan at/o mga mapagkukunan ay dapat na makipag-ugnayan kay Lourdes Villegas (Union City Family Center) sa [510-476-2755](tel:510-476-2755) o lvillegas@nhusd.k12.ca.us
- Ang walang matitirhan ay dapat makipag-ugnayan sa CAREvan & Operation Room Key Rep Jesus Garcia para sa lokal na mapag-kukunan ng mga bagay sa [510-675-5482](tel:510-675-5482) o sa email sa jesusg@unioncity.org
- Makipag-ugnayan sa Tri-City Housing Resource Center: [510-330-5822](tel:510-330-5822)
- Tawagan ang **211** para sa tulong ng paghahanap ng matutuluyan malapit sa iyo

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon Tungkol sa Pangangalaga ng Kalusugan

Tri-City Health Center:

Ang mga usapang medikal sa telepono at mga libreng pagpapatala sa tulong para sa Medi-Cal, Covered California, HealthPAC (insurance para sa kalusugan para sa hindi dokumentado), at CalFresh (programa para sa tulong sa pagkain). Tawagan ang [510-252-6806](tel:510-252-6806) o [510-770-8040](tel:510-770-8040) para sa kumpidensyal na konsultasyon sa telepono. Mayroong Intsik, Espanol, Tagalog, Farsi at Burmese na wika.

Covered California:

Mas pinahaba pa ng Covered California ang panahon ng espesyal na pagpapatala upang makabili ng health plan hanggang sa dulo ng Hunyo. Ang sinumang hindi insured o sinumang kamakailang nabago ang kita sa sambahayan ay maaaring makwalipika sa tulong pinansyal upang pababain ang bayad sa plano at magpatala sa health coverage. Mag-aplay online sa www.coveredca.com/apply. Maari mo rin gamitin ang storefront finder ng Covered California upang makahanap ng malapit sa iyo na sentro ng pangkalusugan na to <https://storefronts.coveredca.com/>

Abode Services:

Nagpapatakbo ng libreng mobile health clinic para sa mga walang tirahan tuwing mga araw ng Martes at Huwebes mula 3:30 hanggang 6:00 pm. Matatagpuan din ito sa Centerville Presbyterian Church (4360 Central Ave) at tuwing araw ng Miyerkules mula 8:00 am hanggang 10:00 am sa Irvington Presbyterian Church (4181 Irvington Ave).

Washington Hospital's Health Insurance Information Services:

Libre at kumpidensyal na serbisyo na maaaring magbigay sa iyo ng lahat ng impormasyon na iyong kinakailangan upang makagawa ng may kaalamang desisyon tungko sa iyong health insurance, kabilang ang paraan ng pag-access sa mga programang naisponsor ng gobyerno. Tawagan ang [\(800\) 770-9447](tel:800-770-9447) sa anumang oras mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes hanggang Biyernes.

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon para sa mga Utility

Mga pagpuputol sa utility na gas, koryente, tubig at imburnal ay pansamantalang ipinagbabawal. Kausapin ang iyong lokal na tagapagbigay ng serbisyo para sa karagdagang impormasyon.

Kung nawalan ka ng trabaho kamakailan lang, at/o mababa ang kita ng sambahayan, maaari kang maging kwalipikado para sa 20% to 35% na diskwento sa iyong bayarin sa koryente. Pumunta sa www.ebce.org/care at www.pge.com/care.

Para sa libre at abot-kayang mga opsyon sa internet: <https://tinyurl.com/ug58bow>

Mga Mapagkukunan ng Impormasyong Pinansyal

Mga tip na para Pinansyal:

I-tsek sa iyong bangko: Madaming mga bangko at pinansyal na institusyon ay nag-aalok ng mga deferral sa pagbabayad ng mga car loan, home loan at mga pagbabayad sa credit card. I-tsek sa iyong bangko o credit union, o bisitahin ang website na ito upang makita ang mga oportunidad na mayroon para sa iyo: <https://tinyurl.com/y8sf354y>

Problema sa pagbabayad ng mga student loan? Kung ang iyong utang ay hawak ng pederal na gobyerno, ang iyong pagbabayad sa utang at hininto ng walang interes hanggang Setyembre 30, 2020. Para sa iba pang uri ng mga student loan, makipag-ugnayan sa iyong student loan servicer upang malaman ang iyong iba pang opsyon.

Kung ikaw ay nagkakaproblema sa pagbabayad: Kung ikaw ay nagkakaproblema sa pagbabayad, makipag-ugnayan sa mga kumpanya na pinagkaka-utangan mo. Talakayin ang iyong sitwayson at mga opsyon.

Maraming kumpanya ang nagsagawa ng espesyal na maluwag na pagbabayad para sa mga espesyal na mamimili na naghihirap sa panahong ito.

Para sa komprehensibong payo sa mga pinansyal na problema at mga opsyon na mayroon sa panahon ng COVID-19, bisitahin ang gubernong website ng Consumer Finance government sa: <https://www.consumerfinance.gov/coronavirus/>.

Ang website na ito ay kinabibilangan ng:

- ♦ Mga opsyon ng pagbabayad ng iyong utang
- ♦ Mga opsyon ng pagbabayad ng iyong mga credit cards
- ♦ Mga opsyon ng pagbabayad ng iyong mga auto loan
- ♦ Paano makipagtrabaho kasama ang iyong bangko o credit union
- ♦ Paano makipagtrabaho kasama ang mga taga-kolekta ng utang
- ♦ Paano manatili sa itaas ng iyong mga credit report

CalWORKs:

Ang CalWORKs ay nagbibigay ng tulong pinansyal at mga serbisyo sa mga karapat-dapat na pamilya na mayroong (mga) anak sa bahay. Ang CalWORKs ay maaari sa mga mamamayan ng U.S. at iilang mga imigrante, kabilang ang mga batang mamamayan ng U.S. kahit ang magulang ay hindi karapat-dapat dahil sa istado ng imigrasyon. Pumunta sa <http://benefitscal.org/> o makipag-ugnayan sa inyong lokal na Social Services Agency: Eden Area Multi-Service Center; 24100 Amador Street Hayward, CA 94544; (510) 263-2420

Ikaw ba ay...

- ♦ Hindi karapat-dapat o kabilang sa mga benepisyong pinansyal tulad ng CalWORKs?, O Refugee, asylee, o Special Immigrant Visa (SIV) holder,
- ♦ O isang biktima ng human trafficking, karahasan sa tahanan, at iba pang seryosong krimen?

Maaaring karapat-dapat ka para sa iba pang mga programang pangtulong. Bisitahin ang website ng E-Benefits California: <http://benefitscal.org/>

Mga pondong pangtulong:

- ♦ Emerhensyang pondo para sa mga manggagawa ng serbisyo: bisitahin <https://ofwemergencyfund.org/help>
- ♦ Emerhensyang tulong para sa mga bartender: bisitahin <https://www.usbgfoundation.org/beap>
- ♦ Para sa komprehensibong listahan ng katulad na mga pondo sa nasa itaas, bisitahin ang website na ito: <https://www.familiesinschools.org/financial-support/>

Libreng Pangagalaga sa Bata para sa mga Mahahalagang Manggagawa

Ang 4Cs ng Lalawigan ng Alameda ay mayroong mga pondo upang masaklaw ang gastos para sa pangangalaga ng bata para sa mga mahahalagang manggagawa. Itong pagpopondo sa emerhensyang pangangalaga sa bata ay magagamit mula ngayon hanggang Hunyo 30, 2020.

Bisitahin ang link na ito upang mag-aplay sa libreng pangangalaga sa bata: <https://tinyurl.com/childcare4c>

Para sa mga tanong, makipag-ugnayan sa 4Csng Lalawigan ng Alameda sa info@4c-alameda.org 510-582-2182 ext. 3198.

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon patungkol sa Pagkawala ng Trabaho

Unemployment Insurance (UI):

Kung ikaw ay nawalan ng oras o ng trabaho dahil sa COVID-19, mag-apply para sa unemployment (UI) benefits para sa mga nawalan ng trabaho, napaigsing oras ng trabaho, at hindi pagpasok sa trabaho dahil sa pangangalaga ng bata dahil sa pagsasara ng mga paaralan sa www.covid19.ca.gov.

Mga Serbisyo Pangsuporta para sa mga Manggagagawa:

Ang Alameda County Workforce Development Board (ACWDB) ay nandito upang tulungang ituro ang mga employer, mga self-employed, kontratista, at mga naghahanap ng trabaho sa tamang direksyon sa gitna ng pandemya na COVID-19. Pumunta sa www.acwdb.org para sa kumpletong or a complete toolkit kung ano ang mag serbisyong inaalok dito.

Pandemic Unemployment Assistance:

Bilang bahagi ng pederal CARES Act, ang bagong programa na Pandemic Unemployment Assistance (PUA) ay tumutulong sa mga walang trabaho na taga-California na may-ari ng negosyo, nagsasariling kontratista, may limitadong karanasan sa trabaho, at iba pang karaniwang hindi karapat-dapat para sa karaniwang benepisyo ng estado na UI na siyang mga nahinto ang negosyo o mga serbisyo ay makabuluhang bumaba bilang direktang resulta ng pandemya.

Ang mga benepisyo ay maaaring retroactive hanggang ilang linggo sa or pagkatapos ng Pebrero 2, 2020, depende sa iyong huling araw ng pagpasok sa trabaho dahil sa COVID-19 at ng walang pagbabago sa kung kailan ka nagpasa ng iyong aplikasyon para sa tulong. Ang petsa kung kailan epektibo ang paghingi ng tulong ay magsisimula sa araw ng Linggo ng linggo kung kailan ka huling pumasok at nawalan ng trabaho sa mga kadahilanan na may direktang relasyon sa COVID-19. Alamin at mag-apply online sa <https://tinyurl.com/puaassist>

Kung ikaw ay kwalipikado pra sa karaniwang Unemployment Insurance (UI) na tulong, hindi ka dapat mag-file ng PUA sa oras na ito. Kung ikaw ay nagfile para sa IU at nakatanggap ng paunawa ng parangal na nagpapakita ng \$0 sa mga benepisyo na mayroon, bisitahin ang pahina na ito kung ano ang susunod na gagawin: <https://tinyurl.com/faqpua>

Mga Oportunidad sa Trabaho at mga Virtual Career Services

- ◆ Makipag-ugnayan sa Tri-Cities Career Center sa 510.742.2323; sa pamamagitan ng email sa careercenter@ohlone.edu; sa pamamagitan website sa www.ohlone.edu/careercenter.
- ◆ Kung ikaw ay nawalan ng trabaho kamakailan lamang dahil sa pandemyang Coronavirus, bisitahin ang www.onwardca.org para sa mga oportunidad ng trabaho. Ang Onward CA ay nagkokonekta ng mga naghahanap ng trabaho sa mga mahahalagang mga negosyo na may gustong dagdagan ang dami ng employado sa panahon ng pandemya.
- ◆ Bisitahin ang caljobs.ca.gov upang maghanap ng trabaho at mga serbisyo para sa karera.
- ◆ Ang Federal Emergency Management Agency (FEMA) ay patuloy na naghahanap ng mga talentado at masisipag na tao na sabik na tumulong sa mga nakaligtas sa sakuna at mga unang reresponde base sa on-call bilang mga Reservist na empleyado. Sila ang pangunahing pangkat ng mga empleyado sa panahon ng emerhensya o sakuna. Bisitahin ang kanila website para sa karagdagang impormasyon: www.careers.fema.gov/oncall.
- ◆ Bisitahin ang www.eastbayworks.com/calendar para sa kalendaryo ng mga susunod na mga kaganapang virtual para sa mga naghahanap ng trabaho.

Libreng Tulong Ligal

Ang mga libreng serbisyong ligal sa pamamagitan ng Consumer Justice Clinic: Ang Consumer Justice Clinic ay kasalukuyang bukas at nagsasagawa ng mga virtual na mga appointment. Tumawag para sa impormasyon at karapat-dapat na appointment: **510-548-4040, ext. 388**

Ang mga isyu na maaring silang makatulong ay:

- ♦ Mga isyu ng pangongolekta ng utang
- ♦ Mga garnishment at bank levie
- ♦ Mga student loan
- ♦ Mga scam at pangloloko
- ♦ Mga mali sa credit report
- ♦ Pangloloko ng abogado ng imigrasyon
- ♦ Identity theft
- ♦ Auto at mga payday loan
- ♦ Mga car repossession tow
- ♦ Utang na Medikal



Mga Mapagkukunan ng Impormasyon para sa mga Imigrante at mga Taong Hindi Dokumentado

Ang Estado ng CA ay hinihikayat ang mga Imigrante na Humingi ng mga Benepisyong Pampubliko sa Panahon ng COVID-19:

Ang ibang mga imigrante ay nag-aalala na ang patakaran na public charge ay pipigilan sila sa pagtanggap ng mga benepisyo sa gobyerno o ang panggamit ng mga benepisyong ito ay makakaapekto sa kakayahan nilang makakuha ng green card.

Ang PEDERAL NA GOBYERNO ay nagsabu na ang paggamit ng mga serbisyong para pangangalaga ng kalusugan para sa pag-iwas sa COVID-19, pagsusuri o paggamot lamang ay hindi maghihirang sa iyo na isang public charge.

Ang Medi-Cal ay nag-aasikaso para sa mga pagsusuri o paggamot na may relasyon sa COVID-19 at HINDI kabilang sa ilalim ng patakaran ng public charge dahil ito at gamut ng isang emerhensyang medikal na kondisyon.

Pumunta sa <https://tinyurl.com/immguide> para sa kumpletong gabay galing sa Estado tungkol sa mga mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa COVID para sa mga imigrante.

East Bay Community Law Center

(510) 548-4040

www.ebclc.org

Mga serbisyo: Konsultasyon/intake, outreach ng edukasyon

Multicultural Institute

(510) 847-1479

www.mionline.org

Mga serbisyo: Outreach ng edukasyon

Immigration Institute of the Bay Area

(415) 538-8100 ext. 206

www.iibayarea.org

Mga serbisyo: Konsultasyon/intake, outreach ng edukasyon

East Bay Sanctuary Covenant

(510) 540-5296

www.eastbaysanctuary.org

Mga serbisyo: Outreach ng edukasyon

Catholic Charities of California

(866) 490-3899

www.cceb.org

Mga serbisyo: California Disaster Relief Funds

Tulong sa Pagkain

Para sa emerhensyang ayuda na pagkain, tawagan ang linya ng tulong ng Alameda County Food Bank: 510-635-3663

CalFresh:

Ang CalFresh ay ang programang benepisyo ng pagkain ng California, dating kilala bilang food stamps. Ang mga tagatanggap ng CalFresh ay tumatanggap ng Electronic Benefits Transfer card na gumagana tulad ng debit card, kung saan ang buwanang stipend ay dinideposito upang paggastos para sa pagkain. Ang proseso ng aplikasyon ay naging mas madali sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Ang mga tagatanggap ng benepisyo ng pagkain ay maaaring gamitin ang kanilang EBT card upang bumili ng mga bilihin/groseri online sa Amazon.com at Walmart.com. Ang mga tagatanggap ng SSI ay maaaring mag-apply para sa mga benepisyo ng CalFresh! Ang public charge ay hindi kabilang sa mga benepisyo ng pagkain na natanggap ng iba pang miyembro ng iyong pamilya, kasama ang iyong mga anak. Upang makita kung ikaw ay karapat-dapata sa tulong sa pagkain ng CalFresh at upang mag-apply, bisitahin ang www.foodnow.net, isang intake portal kung saan pinangangasiwaan ng Alameda County Food Bank.

Pandemic EBT:

Dahil sa Coronavirus (COVID-19), ang mga bata na karapat-dapat sa mga libre o murang pagkain sa paaralan ay makakakuha ng karagdagan benepisyo sa pagkain. Ang mga benepisyong ito sa pagkain ay tinatawag na Pandemic EBT o P-EBT benefits. Ang P-EBT benefits ay tutulong sa mga pamilya sa California na bumili ng pagkain habang ang mga paaralan ay sarado dahil sa emerhensya ng coronavirus. Ang mga pamilya ay makakakuha ng hanggang sa \$365 sa bawat karapat-dapat na bata sa kanilang P-EBT card na maaaring magamit sa pagkain at mga bilihin/groseri. Ang mga pamilya ay maaaring makabili ng pagkain sa karamihan ng mga tindahan ng groseri ay mga farmers market. Maaari ding gamiting ng mga pamilya ang kanilang mga P-EBT card upang bumili ng mga pagkain online.

Ang mga pamilya na mayroong mga anak na nakakakuha ng mga benepisyo sa CalFresh, Medi-Cal o Foster Care ay hinidi na kinakailangang mag-apply. Karamihan ay makukuha ang kanilang P-EBT card sa koreo sa buwan ng Mayo 2020. Ang mga pamilya na mayroong mga anak na karapat-dapat sa libre o murang pagkain na hindi mukukuha ang kanilang P-EBT card sa koreo, ay dapat na mag-apply online bago ang Hunyo 30, 2020. Ang P-EBT ay isang beses lamang na benepisyo. Ang ibig sabihin, na ang mga karapat-dapat na mga pamilya na kinakailangang mag-apply at hindi nakapag-apply bago ang Hunyo 30, 2020 ay hindi makakatanggap ng mga benepisyo kapag ang aplikasyon online ay nagsara na.

Ang istado ng iyong imigrasyon ay hindi maaapektuhan kung ikaw ay sasali sa P-EBT. Alamin ang higit pang impormasyon sa

<https://ca.p-ebt.org/info>.

Paghahatid ng mga Pagkain

LifeElderCare: Naghahatid ng mga pagkain sa mga home-bound na matatanda tuwing Lunes hanggang Biyernes at mga frozen na pagkain tuwing Sabado at Linggo. Tawagan ang 510-894-0370 o mag-email sa info@LifeElderCare.org o mag-sign up sa www.TriCityAtRisk.com.

Sikh Food Pantry: Kumukuha ng mga order ng pagkain online para sa paghahatid sa bahay. Ang serbisyong ito ay para sa sinumang nangangailangan ng pagkain. Mag-order online sa www.tinyurl.com/sikhfoodpantry.

Ang CA Great Plates Program ay nagbibigay ng tatlong pagkain sa bawat araw sa mga matatanda na may edad na 65 at higit pa at mga matatanda na may edad 60-64 na mataas ang napakadelikado sa COVID-19.

Upang mag-apply at makatanggap ng mga libreng paghatid ng mga pagkain, makipag-ugnayan sa Alameda County Emergency Operation Center (EOC) Care & Shelter: 925-803-7943 o ACGreatPlates@acgov.org

Mga Lokal na Programa sa Pamimigay ng Pagkain

TCV Food Bank: Naghahatid ng mga libreng bag ng pagkain (mga prutas, gulay, mga dry goods, at iba pang mga bagay) sa Ruggieri Senior Center (33997 Alvarado Niles Rd) tuwing una at pangatlong Lunes ng buwan mula 1:00 pm hanggang 2:30 pm. Ang mga paunang gawang mga bag ay first come, first served. Makipag-ugnayan kay Kellie Barron para sa karagdagang impormasyon: mobile@tcvfoodbank.org o 510.675.5495.

Spectrum Services Inc: Naghahatid ng mga nakasupot na pananghalian para sa mga matatanda sa Ruggieri Senior Center (33997 Alvarado Niles Rd), tuwing mga araw ng Lunes hanggang Huwebes ng tanghali. Ang \$3.75 na donasyon ay minamabuti. Ang mga tagatanggap ay dapat may edad na 65+, at dapat na gumawa ng reserbasyon ng 24 na oras advance. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa ruggieriseniorcenter@unioncity.org o 510.675.5495.

Centro de Servicios: Nagbibigay ng libreng gatas, mga itlog, at tinapay, kapag ito ay mayroon, sa 33750 6th St. Tuwing araw ng Lunes hanggang Biyernes, mula 11 a.m. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang 510.489.4100.

Our Lady of the Rosary: Namamahagi ng mga nakasupot na hapunan tuwing araw ng Biyernes mula 6:00 pm hanggang 7:00 pm. sa 703 C Street.

St Vincent DePaul: Binubuksan ang kanilang paminggalan ng pagkain ng Lunes hanggang Biyernes. Tawagan ang 510.706.5852; Ang lokayson ay 3777 Decoto Rd.

NHUSD School meals: Ang "Grab and Go" na mga almusal at pananghalian para sa lahat ng mga estudyante ay nasa James Logan High, Cesar Chavez Middle, Alvarado Elementary, at Hillview Crest Elementary School, tuwing araw ng Lunes at Miyerkules mula 9:00 a.m. hanggang 12:00 p.m. Hindi kinakailangan na pumunta ng mga bata.

Paano Manatiling Konektado sa Amin

Pumunta sa ww.unioncity.org/coronavirus o gamiting ang aming QR code sa ibaba
Sundan ang City of Union City sa Facebook, Twitter, Nextdoor at Instagram
Mag-subscribe sa aming e-newsletter sa unioncity.org/e-newsletter



Paano mag-scan ng QR code

- Buksan ang app ng camera sa iyong mobile phone
- Piliin ang likod na camera. Hawakan ang iyong device upang ang QR code ay lalabas sa viewfinder sa Camera app. Ang iyong device ay makikilala ang QR code at magpapakita ng notipikasyon.
- I-tap ang notipikasyon upang mabukas ang link.

